

Pag-screen ng COVID-19 para sa paaralan at nag-aalaga ng bata

Bersyon 4: Pebrero 24, 2021

Dapat ma-screen ang mga mag-aaral at mga bata para sa COVID-19 araw-araw bago pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata. Maaari itong sagutan ng mga magulang/tagapag-alaga sa ngalan ng bata.

Petsa (mm-dd-yyyy) _____

Mga Tanong sa Screening

- 1. Sa nakalipas na 14 na araw, nagbiyahe ba ang mag-aaral/bata o ang sinumang kasama nila sa bahay sa labas ng Canada?** Oo Hindi

Kung hindi kasama sa mga kinakailangan para sa quarantine (halimbawa, isang essential worker na palaging tumatawid sa border ng Canada at US para sa trabaho), piliin ang "Hindi."
- 2. Sinabi ba sa iyo ng isang doktor, provider ng pangangalagang pangkalusugan, o public health unit na ang mag-aaral/bata ay dapat kasalukuyang nag-i-isolate (nananatili sa bahay)?** Oo Hindi

Ito ay maaaring dahil sa isang paglaganap ng sakit o contact tracing.
- 3. Sa nakalipas na 14 na araw, natukoy ba ang mag-aaral/bata bilang "malapit na kontak" ng isang tao na kasalukuyang may COVID-19?** Oo Hindi
- 4. Sa nakalipas na 14 na araw, nakatanggap ba ang mag-aaral/bata sa kanilang cellphone ng COVID Alert na abiso tungkol sa pagkaka-expose?** Oo Hindi

Kung pumunta na sila para magpa-test, at nakakuha ng negatibong resulta, piliin ang "Hindi."
- 5. Kasalukuyan bang nararanasan ng mag-aaral/bata ang alinman sa mga sintomas na ito?** Oo Hindi

Piliin ang anuman/lahat ng bago, lumalala at walang kaugnayan sa iba pang alam na mga dahilan o kondisyon na mayroon na sila.

Lagnat at/o panginig Oo Hindi
Temperatura na 37.8 degrees Celsius/100 degrees Fahrenheit o mas mtaas

Ubo o kumakahol na ubo (croup) Oo Hindi
Tuloy-tuloy, higit sa karaniwang sumisipol na ingay kapag humihinga (walang kaugnayan sa hika, post-infectious reactive airways o sakit sa daanan ng hangin matapos magkaroon ng impeksiyon, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)

Kapos na paghinga Oo Hindi
Kinakapos ng hininga, hindi makahinga nang malalim, (walang kaugnayan sa hika iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)

Nabawasan o nawalan ng pang-amoy o panlasa Oo Hindi
Walang kaugnayan sa mga alerhiya, mga sakit sa utak at ugat sa katawan, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)

Pananakit ng lalamunan o nahihirapang lumunok Oo Hindi
Masakit na paglunok (walang kaugnayan sa mga seasonal na alerhiya, acid reflux, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)

| | |
|---|--|
| <p>Tumutulo o barado/congested na ilong Walang kaugnayan sa mga seasonal na alerhiya, nasa labas sa malamig na panahon, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila</p> | <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi |
| <p>Sakit ng ulo Hindi karaniwan, pangmatagalan (walang kaugnayan sa mga pananakit ng ulo na sanhi ng tensyon, pabalik-balik na mga migraine, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)</p> | <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi |
| <p>Nasusuka, pagsusuka at/o pagtatae Walang kaugnayan sa irritable bowel syndrome, pagkabalisa, mga pamumulikat sanhi ng regla, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila</p> | <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi |
| <p>Labis na pagkapagod o mga pananakit ng kalamnan Hindi karaniwan na pagkapagod, kawalan ng sigla, hindi magandang pagpapasuso sa mga sanggol (walang kaugnayan sa depression, insomina, hindi maayos na paggana ng thyroid, biglaang pinsala, o iba pang alam na mga sanhi o kondisyon na mayroon na sila)</p> | <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi |
| <p>6. Mayroon bang kasama sa bahay ang mag-aaral/bata na kasalukuyang nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 at/o naghihintay ng mga resulta ng test pagkatapos makaranas ng mga sintomas?</p> | <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Wala |

Mga Resulta ng Mga Tanong sa Screening

- !** Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 1 o 3, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata.
- Dapat mag-isolate (manatili sa bahay) ang mag-aaral/bata sa loob ng 14 na araw at huwag umalis maliban para magpa-test o para sa medikal na emergency.
 - Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 1, sundin ang payo ng public health. Maaari na muling pumasok ang mag-aaral/bata sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata pagkatapos silang ma-clear ng iyong lokal na public health unit.
 - Dapat i-isolate (manatili sa bahay) ang mga kapatid o iba pang tao sa iyong sambahayan sa loob ng 14 na araw.
 - Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 3, makipag-usap sa isang doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng payo o ng isang pagsusuri, kasama ang kung kailangan nila ng test para sa COVID-19. Maaari na muling pumasok ang mag-aaral/bata sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata pagkatapos ng 14 na araw, kahit na nakakuha sila ng negatibong resulta ng test.
 - Kung nakatira ka sa mga partikular na bahagi ng probinsiya, tulad ng Toronto, dapat manatili sa bahay nang 14 na araw ang mga kapatid at iba pang tao sa iyong sambahayan. Ito ay dahil sa mga dahilan ng panganib sa lugar.
 - Kung nakatira ka sa iba pang mga bahagi ng Ontario, maaaring pumasok ang mga kapatid at iba pang tao sa iyong sambahayan sa paaralan, pumunta sa nag-aalaga ng bata o pumasok ng trabaho, pero hindi dapat umalis ng bahay para sa mga hindi mahalagang dahilan. Magtanong ng higit pang impormasyon sa iyong paaralan/nag-aalaga ng bata.
 - Kung magkakaroon sila ng mga sintomas o masusuring positibo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na public health unit o doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang payo.
 - Makipag-ugnayan sa iyong paaralan/provider na nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.
- !** Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 2, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata.
- Dapat mag-isolate (manatili sa bahay) ang mag-aaral/bata sa loob ng 14 na araw at huwag umalis maliban para sa medikal na emergency.
 - Sundin ang payo ng public health. Maaari na muling pumasok ang mag-aaral/bata sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata pagkatapos silang ma-clear ng iyong lokal na public health unit.
 - Kung magkakaroon sila ng mga sintomas, makipag-ugnayan sa iyong lokal na public health unit o doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang payo.

- Kung nakatira ka sa mga partikular na bahagi ng probinsiya, tulad ng Toronto, dapat manatili sa bahay ang mga kapatid at iba pang tao sa iyong sambahayan. Ito ay dahil sa mga dahilan ng panganib sa lugar.
- Kung nakatira ka sa iba pang mga bahagi ng Ontario, maaaring pumasok ang mga kapatid at iba pang tao sa iyong sambahayan sa paaralan, pumunta sa nag-aalaga ng bata o pumasok ng trabaho, pero hindi dapat umalis ng bahay para sa mga hindi mahalagang dahilan. Magtanong ng higit pang impormasyon sa iyong paaralan/nag-aalaga ng bata.
- Makipag-ugnayan sa iyong paaralan/provider na nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.

! Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 4, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata.

- Dapat mag-isolate (manatili sa bahay) ang mag-aaral/bata at huwag umalis maliban para sa medikal na emergency.
- Bisitahin ang isang assessment center para ipasuri sila para sa COVID-19.
 - Kung masusuri silang negatibo (wala silang virus), maaari na silang pumasok muli sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata.
 - Kung masusuri silang positibo (mayroon silang virus), maaari lang silang pumasok muli pagkatapos silang ma-clear ng iyong lokal na public health unit.
- Kung magkakaroon sila ng mga sintomas, makipag-ugnayan sa iyong lokal na public health unit o doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang payo.
- Ang mga kapatid o iba pang tao sa iyong sambahayan ay maaaring pumasok sa paaralan, pumunta sa nag-aalaga ng bata o pumasok sa trabaho, pero hindi dapat umalis ng bahay para sa iba pang hindi mahalagang mga dahilan hangga't hindi nasusuring negatibo ang taong nakatanggap ng COVID alert, o na-clear ng iyong lokal na public health unit.
- Makipag-ugnayan sa iyong paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.

! Kung sumagot ka ng "OO" sa alinman sa mga sintomas na kasama sa tanong 5 o tanong 6, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata.

- Ang mag-aaral/bata ay dapat mag-isolate (manatili sa bahay) at huwag umalis maliban para magpa-test o para sa medikal na emergency.
- Kung sumagot ka ng **"OO" sa tanong 5**, makipag-usap sa isang doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng payo o ng isang pagsusuri, kasama ang kung kailangan ng mag-aaral/bata na magpa-test para sa COVID-19.
- Kung sumagot ka ng **"OO" sa tanong 6**, maaari nang pumasok muli ang mag-aaral/bata sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata pagkatapos na makakuha ng negatibong resulta ng test para sa COVID-19 ang indibidwal, o ma-clear ng iyong lokal na public health unit, o na-diagnose na may ibang sakit.
- Dapat manatili sa bahay ang mga kapatid o iba pang tao sa iyong sambahayan hanggang sa masuring negatibo ang mag-aaral/batang nagpapakita ng mga sintomas o ang indibidwal, o hanggang sa ma-clear ng iyong public health unit, o na-diagnose na may ibang sakit.
- Makipag-ugnayan sa iyong paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.

✓ Kung sumagot ka ng "HINDI/WALA" sa lahat ng tanong, maaaring pumasok/pumunta ang iyong anak sa paaralan/nag-aalaga ng bata dahil mukhang wala silang sakit at hindi na-expose sa COVID-19. Sundin ang mga binuong proseso ng iyong paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa staff ang tungkol sa resultang ito (kung naaangkop).

Public Health Ontario – Contact Tracing

Opsyonal ang pagsagot sa mga tanong na ito. Ang impormasyon na ito ay gagamitin lang ng mga opisyal ng Public Health para sa contact tracing. Ide-delete ang lahat ng impormasyon sa loob ng 28 araw.

Petsa: _____

Pangalan: _____

Telepono o Email: _____